

ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

SETEMBRE 1985

NILALAMAN

Editoryal 2

Kani-kanyang maniobra 3

Pagkaisahin ang marami,
Gapiin ang iilan! 6

Sarbey ng BBC 9

Teknikal na gawain 12

BHB, aktibo sa Laguna,
Ilocos Norte at Cebu 14

96 bilanggong pulitikal,
pinalaya ng kampanya 15

Balita 16

Internasyonal 17

Sulat 18



Ang pakikibaka laban sa pasis-
tang diktadurang US-Marcos ang
pinakabatayan sa kasalukuyan ng
pagbubuklod ng iba't ibang uri,
saray at grupo sa isang nagkaka-
isang prente. Sa pamumuno ng
proletaryado, ang pambansa-demo-
kratikong nagkakaisang prente ay
isang agimat na mabilis na nagpa-
pasulong sa demokratikong rebo-
lusyong bayan.

Bagamat may sari-sariling pana-
naw at layunin ang mga pwersang
nakahanay ngayon laban sa rehi-
men, pinagkakaisa ng proletaryado
ang mga ito sa pamamagitan ng
mapanlikhang paglalapat ng mga
prinsipyo ng pagkakaisa't tung-
galian, at kasarinlan at inisya-
tiba (pahina 6).

Dudurugin ng digmang bayan ang armadong kontrarebolusyon

Labintatlong taon makaraang magpataw ng hubad na teroristang paghahari, hindi ngayon makaagapay ang mabangis na pasistang estado sa igting ng pakikibaka ng mamamayan sa buong kapuluan. Lahat ng tangka nitong paamuin ang sariling mukha sa pamamagitan ng ilang huwad na reporma ay di makapagkubli sa madugong mga pangil na patuloy nitong ipinaninibasib sa masang lumalaban.

Ang batas militar na ipinataw noong Setyembre 1972 ay deklarasyon ng gerang sibil laban sa sambayanang Pilipino. Pinakawalan ang buong bangis ng reaksyonaryong estado para supilin ang namumulat at nakikibakang taumbayan.

Bigung-bigo ang digmang sibil ng diktadura. Imbis na madurog, ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ay sumulong mula sa pagkakaroon ng ilang platoon at iskwad sa ilang prubinsya noong 1972 hanggang sa pagkakaroon ng kumpa-kumpahyang ganap na yunit gerilya na tumatali at dumudurog sa malalaking pormasyon ng kaaway sa halos lahat nang dako ng kapuluan. Imbis na mapatahimik nang matagal o maudlot sa paglakas, bumabayo na ang rebolusyonaryong kilusang masa sa mga luklukan ng kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomya ng diktadura at nakapag-ani na ng walang kaparis na pagsulong at konsolidasyon kapwa sa mga kalunsuran at mga kanayunan.

Sa buong panahong ito ng pasistang paghahari, walang tigil na dinahas ng diktadura ang mamamayan. Dumami nang dumami ang mga biktima ng pagdukot at basta pagpatay o pagsasalbeyde--mga manggagawa, magsasaka, minorya, tao ng simbahan, ng masmidya, mga abugado, doktor at iba pang propesyunal, mga istudyante at pulitikong oposisyunistang. Idagdag pa ang mga nangawalang parang bula. Dinudukot sila sa harap mismo ng publiko, pinapasok sa bahay, binabaril sa piketlajn, pinapuputukan sa demonstrasyon. Tunay nga, kahit pormal na tinapos ang batas militar noong 1981, hubad na terorismo pa rin ang namamayani.

Ngunit hindi lang binibigo ng mamamayan ang panunupil ng diktadura, pinapupuroi ng kabuuang paglaban nila ang bangis ng pasistang pandarahas. Sa walang kaparis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ay nababalisa ang imperyalismong US na nangingibabaw sa tambalang diktadura. Hindi nasusugpo ng dahas ang mamamayang desidido nang makahulagpos sa lumulubhang pagsasamantala at pang-aapi. Iginigiit ng masa ang kanilang pakikibaka sa kabila ng mga pandarahas na ihinaharang at iniumang ng rehimen. Kahit bawal, nagwewelga sila, nagdemonstrasyon, namamahayag sa iba't ibang paraan. Ginawa nilang palasak ang pagsuway sa mga pasistang restriksyon habang matalas na tinutuligsa ang kawalang-katwiran ng mga ito.

Sa harap ng kabuuang paglaban ng mamamayan, nagtulak ang US sa pangkating Marcos para sa ilang huwad na repormang makapagpapalayo sa halimaw na mukha ng diktadura. At kinasangkapan ang burges na oposisyon para ibukod ang rebolusyonaryong kilusan.

Ayon sa programang "normalisasyon" idinaos ang mga eleksyon, binuo ang batasan, at binigyan ng kaunting papel ang mga hukumang sibilyan. Ngunit bistado ng mamamayan na kontrolado ng pangkating Marcos ang mapagpasyang resulta ng mga eleksyon, inutil ang batasan, at ang ilang pagtaliwas ng korte ay garapalang binabalewala sa ngalan ng "pambansang siguridad."

Sa desperadong layuning pigilin ang pagragasa ng digmang bayan, tinatangka ngayong pinuhin ng pasistang diktadura ang kontrarebolusyonaryong dalawahang taktika ng pandarahas at panlilinlang sa pamamagitan ng isang nagkakabuhul-buhol na bagong bersyon ng lumang programa ng kontrarebolusyon.

Ngunit kung noong maliit pa ang rebolusyonaryong kilusan at di pa sinilubha ng sa ngayon ang krisis ng lipunan ay nabigo ang mga pakana ng diktadura, tiyak na lalo itong sasadsad ngayon sa kabiguan. Manlinlang pa ang kaaway, at lalong namumulat ang masa; manupil pa ito at lalo silang lumalaban. Lalong darami ang magsusulong sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Lalong iigting ang rebolusyong ito at mas mabilis na susulong tungong tagumpay.

Kalagayang pampulitika Kani-kanyang maniobra

Balisang-balisa ngayon ang imperyalismong US sa patuloy na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan habang nasa papalubhang krisis ang sistemang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Kaya maingat itong kumikilos sa likod ng mga pangyayaring tumatampok ngayon sa tanghalang pampulitika ng Pilipinas. May bagong pakana ang US na may tatlong pangunahing tinutumbok: ibukod at papanghinain ang rebolusyonaryong kilusan, patampukin ang mga palabas na re-porma at patatagin ang mga burges na institusyong pulitikal; at basagin ang epektibong monopolyo ng pangkating Marcos sa makinarya ng papet na estado.

Sa kabuuan, nagsasagawa ngayon ng kani-kanyang maniobra ang lahat ng pwersang pulitikal para kantiin ang pinakamalaking bentaheng makakaya sa sumisikip nang laranangan ng labanan ng maraming pwersa.

Nananatiling imperyalismong US ang dominanteng pwersa sa reaksyonaryong pulitika ng Pilipinas, ngunit mabilis nang nakakamit ng rebolusyonaryong kilusan ang pagiging pinakaimportanteng salik sa kabuuang eksenang pulitikal ng bansa.

Galaw ng US

Ang pinakamalaking sakit ng ulo ng imperyalismong US ay ang patuloy na paglakas ng kilusang pambansa-demokratiko sa harap ng patuloy na paglubha ng ekonomya at patuloy na kawalang-katatagan ng sistema ng paghalili sa mayasakit na diktador. Bigung-bigo ang pasistang paghahari sa tangkang sugpuin ito. Natunayan, lalo pang nakapagpalagablab sa paglaban ng mamamayan ang mga pandarahas

at paghihigpit ng rehimeng diktador. At ang anumang pagluluwag, kahit pangunahing nakatuon sa oposisyong burges, ay nagagamit na ng mamamayan para lalong isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka. Sa napakabalisa ngang tantya ng gubyrerno ng US, na ipinahayag sa opisyal na doku-



TUNAY NA HALIMAW: Ipinapakana ng diktadurang US-Marcos ang paninirang antikomunista, kasabay ang mga pusakal na antikomunistang lider ng mga grupong "sok-dem" at ilang oposisyonistang burges. Para wasakin ang sumusulong na antidiktadurang pakikibaka at ilayo ang pakikibakang ito sa prinsipal na kaaway.

mentong National Security Study Directive (NSSD) ngayong 1985, may kakayahan ang kilusang ito na makaabot sa pagkakatapat sa nakatayong estado sa loob ng ilang taon.

Bahagi ng problema at bahagi rin ng solusyon ang pangkating Marcos, ayon pa rin sa NSSD. Sa pananaw ng US, bahagi ng problema dahil matindi na itong nabubukod sa lahat ng iba pang seksyon ng populasyon at ang sariling mga hakbangin nito para makapanatili sa poder ay lalong nagpapalubha sa pampulitika at pang-ekonomyang krisis, at lalong nagpapalab sa paglaban ng mamamayan. (Nang-

yari pa, hindi itinuturing ng imperyalismong US ang sarili bilang mas malaking bahagi ng problema!) Bahagi naman ng solusyon dahil nasa pangkating ito ang kakayahang tuluy-tuloy na gamitin ang buong bangis ng reaksyonaryong estado para sagkaan ang mabilis na pag-sulong ng rebolusyonaryong kilusan at isalaksak sa mamamayan ang mga programa't interes ng imperyalismong US.

Pinatutunayan lang nito na nagkakabuhul-buhol na ang US sa panloob na mga kontradiksyon mula sa pasistang halimaw na siya naman ang may likha--isang papet na pasistang pangkating diktador na kaytagal nilargahan ng buhos na suporta at kapit-tuko sa poder kahit nakabibigat na sa saligang kontrarebolusyonaryong layunin ng kanyang imperyalistang amo.

Ang pundamental na layunin ng imperyalismong US ay durugin ang armadong kilusang nagsasapanganib sa sistemang malakolonyal at malapyudal, at para dito, umasa ang US pangunahin sa isang epektibong kontrarebolusyonaryong hukbo na nababalot ng mga institusyong pulitikal ng isang "gumaganang demokrasya." Sa pundamental na layuning ito nakaangkla ang tatlong sangkap ng kasalukuyang taktikal na programa ng imperyalismong US.

Sa pakanang ibukod ang mga pwersang rebolusyonaryo, tampok na paraan ng imperyalismong US ang pagpapalakas ng isterikal na paninirang antikomunista. Sa pamamagitan ng mga pusakal na antikomunistang liderato ng mga grupong "sokden," sinasabotahe ng imperyalismong US ang hanay ng militanteng hayag na kilusang. Sa pamamagitan naman ng tuwirang paghimok, na may kasamang mga suhol at pangako, pinapuputol ng imperyalismong US ang anumang pakikipag-ugnayan ng mga oposisyunistang burges sa mga organisasyong may tunay na makabayan at demokratikong paninindigan.

Sa pamamagitan nito at ng pagdedeclarang ang isyu sa darating na eleksyon ay ang artipisyal na isyu ukol sa komunismo, hinahatak ng diktadurang US-Marcos ang burges na oposisyon at maging ang mga panggitnang pwersa na itakwil ang mga pwersang rebolusyonaryo at kung gayo'y huwag umimik sa sandaling binabayo na ng pasistang pandarahas ang mga pwersang makabayan at demokratiko.

Para maibalik ang buong kumpanyansa ng oposisyong burges sa lantay na parlamentaryong paraan ng pakikihati sa poder, pinatatapok ng imperyalismong US ang repormismo at pulitikang elektoral. Iti-

nutulak nito ang pangkating Marcos na gawing kapani-paniwala ang mga eleksyong idaraos sa pamamagitan ng reporma sa Batas sa Eleksyon, pagnonombra ng nyutral na mga kagawad sa Komisyon sa Eleksyon, at pagbibigay-daan sa upisyal na pagtulong ng National Movement for Free Elections (NAMFRELE). Binibigyan pa ng US ng mga pambala ang oposisyong burges sa pagtuligsa sa rehimen sa loob ng Batasang Pambansa para ituon ang kanilang enerhiya sa inutil na parlamento bilang daluyan ng kanilang paglaban.

Unti-unting tinatapyasan ng US ang monopolyong kontrol ng pangkating Marcos sa kapangyarihang pang-ekonomya at pampolitika. Sa pagdidinding ang monopolyo ng pangkatin sa mahahalagang haligi ng ekonomya ang dahilan ng krisis, nakapag-huhugas-kamay na nga ang mga imperyalista at nagagawa pang bawasan ang pang-ekonomyang pundasyon ng paghahari ng pangkatin at mapalakas ang direktang kontrol ng International Monetary Fund at World Bank.

Sa pasistang AFP, naipilit ng US sa pangkating Marcos na pagbakasyunin ang sagadsaring maka-Marcos na si Hen. Fabian Ver bilang hepe ng AFP at pansamantalang naipusisyon si Tin. Hen. Fidel Ramos para itaguyod ang "paglilinis" at iba pang repormang iginiglit ng US. Ngunit lumilitaw na desidido ang pangkating Marcos na ibalik sa sentral na papel si Ver sa pamamagitan ng pagpa-paabswelto sa kanya sa Sandiganbayan sa nililitis nitong kaso ng asasinasyon kay Aquino. Ibinasura nga ng tagausig na itinalaga ni Marcos, ang Tanodbayan, ang mahalagang ebidensyang iniambag ng US na lalong nagdidiin kina Ver sa asasinasyon (may balita sa pahina 16).

Nauna rito, sa US unang ibinunyag ang pagkakaroon ng malaking tagong kayamanan sa ahrod ng mga myembro ng pangkating Marcos. Ipinambala ito ng burges na oposisyon sa pagtatangka nilang gamitin ang Batasang Pambansa sa pag-aalis kay Marcos sa katungkulan (impeachment).

Nambabraso ang US sa papet nito sa pamamagitan ng sumud-sunod na pagdalaw ng matataas na upisyal ng gubyernong US, at pagbabantag babawasan o aantalahin ang mga limos at pantang.

Iba pang pwersa

Sa pangkating Marcos, na desididong manatili sa poder, lubhang mapanganib ang anumang totohanang pakikipagbahagian ng kapangyarihan sa ibang pangkatin. Kayat sa pagtalima nito sa mga utos ng among imperyalista na magbigay-puwang at

nagreporma para sa mga oposisyunistang burges ay pilit pinababagal o tinatang-kang ipalusot sa antas-pandekorasyon lamang.

Kitang-kita ito sa pagdadala sa kaso ng asasinasyon kay Aquino. Desidido itong maabewelto agad si Ver, garapal nga ang pagkasangkapan sa Korte Suprema, Sandiganbayan at Tanodbayan para bale-walain ang mga kongklusyon ng Komisyong Agrava at ang pahayag ng mga sundalong Amerikano tungkol sa "scrambling" o tangka ng Philippine Air Force na harangin o ilihis ang eroplanong sinasakyan ni Aquino pauwi ng Pilipinas.



Nauna rito, kunwa'y ipinaimbistiga ang iskandalo ng kayamanan sa abrod sa upisyal na abugado ng rehimen, at mabilis na ibinasura ng mayoryang partido ng pangkatin sa Batasang Pambansa ang mos-yon ng oposisyon para sa impeachment kay Marcos.

Habang sumasangga o nagbibingi-bingihan sa mga iskandalong nagpuputukan sa kampo nito, ipinaumukha ng pangkating Marcos sa mga among imperyalista ang mahigpit nitong hawak sa pasistang AFP at burukrasyang sibilyan, habang may pagbabantang ang destabilisasyong malilikha ng pagkakatanggal nito sa poder ay lubhang mapanganib sa harap ng rumaragasang armadong rebolusyon.

Para konsolidahin pa ang makinarya ng Kilusang Bagong Lipunan hanggang sa antas-lokalidad, at panatilihing alanganin at nagbabangayan ang mga oposisyunistang burges, patuloy na iwinawasiwas ng pangkating Marcos ang posibilidad ng biglaang eleksyon. Kahit di raw pabor sa ganito kapwa ang nilutong "sarbey sa mga baranggay" at ang pulong ng mga lider ng KBL, idineklara pa ring maaaring ituloy ni Marcos ang biglaang eleksyon.

Sa kabilang dako, ang mga karibal na pangkatin, na may makabuluhan nang paglakas mula sa halos lubusang pagkaka-

pwera noong unang mga taon ng paghaharing militar, ay nangangalampag ngayon na ituloy agad ang eleksyon. May kumpanyansa silang manalo ngayon dahil sa nakitang malubhang pagkakabukod na sa pangkating Marcos at dahil may pangako sa kanila ang US na rerendahan nito ang pandaraya ng pangkating Marcos. Kapalit ng pangakong ito, hinahatak ng US ang mga oposisyunistang burges na ibukod ang mga pwersang progresibo. Lumalakas ngayon ang tunguhin sa kanilang hanay na kumagat sa ganitong pambibitang ng imperyalismong US.

May mga elemento ng oposisyong burges na tumutuligsa na sa pinakalitaw na panghihimasok ng imperyalismong US sa pulitika ng Pilipinas, lalupa't si Marcos pa rin ang mas sinusuportahan nito imbis na sila. Pinapayagan ito ng imperyalismong US, laiuna sa mga personaheng inaasahan nitong makakukumpitensya sa rebolusyonaryong kilusan sa pag-akit ng suportang masa. Ang baseng lokalidad ng sarami sa kanila ay nasasaklaw na ng mga larangang gerilya ng BHB at ayon sa kamalayang naabot na ng masa sa mga lugar na ito ay di makakukuha ng suporta ang mga lider na di tumutuligsa sa dominanteng pwersa sa tambalang diktadura.

Mayroon namang ilan na unti-unti nang namumulat sa tunay na nasyonalismo at antiimperyalismo at sa kawastuan ng pakikipagkaisa sa malawak na masang nakikibaka sa diktadura.

Samantala, patuloy na nagpupunyagi sa wastong rebolusyonaryong istratahiya at mga taktika ang kilusang pambansa-demokratiko sa harap ng mabilis na nagbabagong mga kalagayan at pagkakananay-hanay ng mga pwersa, personahe at organisasyon.

Malaki ang kumpanyansa ng kilusan sa naabot nang antas ng kamalayan ng malawak na masa ng sambayanan, at malawak na hanay ng mga demokratikong pwersa maging sa burges na oposisyon. Bibiguin nila ang mga pakana ng imperyalismong US at ng pangkating Marcos at maging ng mga pusakal na kontrarebolusyonaryong nasa hanay ng oposisyon. Hindi magsasawalangkibo ang mamamayan habang sinasalakay sa ngalan ng bulag na antikomunismo ang mga nagtuturo at namumuno sa kanila sa pakikibaka. Naipundar na ng rebolusyonaryong kilusan ang aktibo at malawak na paglahok at pagsuporta ng masa, at ito ang batayan ng epekto ng kilusang ito sa kabuuang ekena't kasaysayang pampulitika ng bansa. May dahilan ngang maglalala ang imperyalismong US. ●

Pagkaisahin ang marami, Gapiin ang iilan!

Isang di magagaping sandata ng demokratikong rebolusyon ng bayan ang pambansang nagkakaisang prente. Ito ay isang tunay na agimat kung mahigpit na hawak ng rebolusyonaryong proletaryado na bihasa sa mapanlikhang paggamit ng saligang mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo sa pakikipagkaisa sa marami at paggapi sa iilan.

Pagkakaisa't tunggalian

Pambansa-demokratiko ang saligang kalikasan ng pambansang nagkakaisang prenteng pinamumunuan ng proletaryado. Sa nagkakaisang panahon at antas, maaaring magbagu-bago ang partikular na katangian at anyo nito. Ngunit sa buong proseso ng demokratikong rebolusyon ng bayan, dapat manatili ang saligang kalikasan nito, dapat manatiling naglilingkod sa pagsulong ng digmang bayan at nakasandig sa saligang alyansang manggagawa-magsasaka.

Ang pasistang diktadura ng pangkating US-Marcos ang pangunahing kaaway ng sambayanan sa kasalukuyan. Lahat ng uri, saray at grupong lumalaban dito ay obhetibong mga pwersa ng pambansang nagkakaisang prenteng sinisikap nating pamunuan sa tamang landas ng pakikibaka. Ang pakikibaka sa diktadurang ito, na dapat magkaroon ng pambansa-demokratikong katangian, ay ang kasalukuyang obhetibong batayan ng pagkakaisa't tunggalian sa nagkakaisang prente.

Tayo'y nakikipagkaisang-prente sa layuning mapalakes ang hanay ng mamamayan at mapahina ang reaksyonaryong mga kaaway. Ang magkalakip na layuning ito ay saligang sukatan kung tama o mali ang ating mga partikular na hakbang sa pakikipagkaisang-prente. Bawat hakbang ay kailangang pag-aralan at timbangin batay sa kabuuang epekto nito sa pagpapalakes sa hanay ng mamamayan at pagpapahina sa kaaway. Ito ang katuturan ng wastong mga patakaran sa nagkakaisang prente.

Tumutugon sa ganitong magkalakip na mga layunin ang ating ispesipikong mga hakbang kung: Una, napatatag at napalalawak nito ang mga progresibong pwersa,

nakakabig ang mga panggitnang pwersa at naibubukod ang mga reaksyonaryong impluwensya't elemento sa nagkakaisang prente. At pangalawa, pinaaligting at sinasamantala nito ang mga kontradiksyon sa kampo ng kaaway, ibinubukod ang pangunahing kaaway ng sambayanan, at nagkakamit ng mga taktikal na tagumpay at di tuwirang mga alyado para sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Mapalalakas ang hanay ng mamamayan at mapahihina ang kaaway, at kasabay nito ay maiiwasan ang mga "kaliwa" at Kanang tunguhin, kapag masinop tayong nagsusuri sa nagbabagong mga kalagayan at matatag sa mga tamang prinsipyo ng paggamit sa mga kontradiksyon, pakikipagkaisa sa marami, pagbukod sa iilan, at paissa-isang paggapi sa mga kaaway. Sa pagbabalangkas ng mga patakaran sa nagkakaisang prente, gamitin nating patnubay ang mga prinsipyong ito.

Isang susing usapin sa aplikasyon ng mga nabanggit na prinsipyo at sa pagtatayo ng nagkakaisang prente ang pagtukoy sa pangunahing kaaway. Sa pamamagitan nito, maihahanap ang mga pwersang maaari nating makaisa, maitatakda ang batayan ng pagkakaisa at ng tunggalian, at sila'y mapag-iiba-iba batay sa kanilang pangkalahatang paninindigan sa pangunahing kaaway at sa nagkakaisang prente laban dito. Maliligaw tayo sa paglalapat ng nabanggit na mga prinsipyo kung magiging maluwag tayo sa pagtangen sa usapin ito o kung mawawaglit ang mga ito sa ating isip sa panahong maigting ang mga tunggalian sa nagkakaisang prente.

Ang pagtukoy sa pangunahing kaaway ay nangangahulugan rin ng pag-iiba nito sa sekundaryo at paggamit ng dalawahang rebolusyonaryong taktika sa paghahati sa mga reaksyonaryo at paissa-isang paggapi sa kanila. Sa pakikitungo sa sekundaryong kaaway, habang sinisikap nating pakatigin sila sa saligang mga interes ng sambayanan at labanan ang pangunahing kaaway, dapat ay lagi tayong handa sa paglalantad at pagbaka sa kanilang reaksyonaryong impluwensya't pakana na nagmumula sa kanilang makauring kalikasan. Ang ating prinsipyo ay ibukod sila tuwing tinatangka nila tayong ibukod. Gayunman, ang ating mga patakaran kaugnay ng sekundaryong kaaway ay dapat sumalamin sa malinaw na pag-iiba sa pagitan nila at ng prinsipal na kaaway,

at sa pagitan nila at ng mga panggitnang pwersang nakakabig ng kanilang reaksyonaryong impluwensya.

Ang pakikipagkaisa sa marami at pagbukod sa iilan ay nangangahulugan ng pagpapakilos sa lahat ng positibong pwersa na maaaring makaisa't makatulong sa magkakalibang antas ng pagkakaisa upang gapiin ang pangunahing kaaway o magtagumpay sa isang partikular na tunggalian. Alinsunod sa prinsipyong ito, dapat tayong magpursigi sa pagbubuo ng pinakamalawak na pagkakaisa ng mga progresibo at mga panggitnang pwersa, at gamitin ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyonaryo upang magkamit ng taktikal o di tuwirang mga aliyado laban sa pangunahing kaaway. Kahit sa pakikitunggali sa mga pusakal na antikomunista at makaisperyalista sa mga reaksyonaryong pwersang nasa kategorya ng sekundaryong kaaway, ang ating prinsipyo ay gamitin ang mga kontradiksyon, kabigin ang nakararami at ibukod ang iilan.

Ang nagkakaisang prente ay sumasaklaw sa isang malawak na hanay. Binubuo ito ng masasalimuot na relasyong ibinubunga ng magkakalibang makauring interes at di pagkakapantay-pantay sa lakas. Ang ganitong kumplikadong katangian ng nagkakaisang prente ay nangangailangan ng matales at panatag na disposisyon, at laging pagsasaalang-alang sa sitwasyon sa kabuuan, pag-iisip sa interes ng nakararami at paggalaw nang katulong ang mga aliyado. Dahil ang nagkakaisang prente ay sumasaklaw sa iba't ibang uri, saray at grupo, naninindigan tayo sa prinsipyong ang pagkakaisa ay makakamit sa kaparanaan ng tunggalian at ang paglulunsad ng tunggalian ay para sa pagpapalakas ng pagkakaisa. Nakikipagkaisa tayo sa iba sa batayan ng pakikibaka sa prinsipal na kaaway. Tayo'y nakikipag-

tunggali sa batayang makatarungan, sa kapakanan ng mamamayan at nang may pagtitimpi.

Kanang pag-iisip ang maghanap lang ng batayan ng pagkakaisa habang kinakaligtan ang mga pagkakaiba. "Kaliwang" pag-iisip naman ang magtuon lang sa mga pagkakaiba habang kinakaligtan ang mga batayan ng pagkakaisa.

Ang wastong mga patakaran sa paghawak sa pagkakaisa't tunggalian sa nagkakaisang prente ay nangangailangan ng wastong pag-iiba-iba sa mga pwersa. Sa pag-iiba-iba sa mga pwersang ito, ang nakapailalim na prinsipyo ay ang saligang pamamaraan ng makauring pagsusuri. Kaugnay ng pagkakahanay ng iba't ibang uri sa lipunan, malaki ang matututunan sa pamamaraan ni Kasamang Mao na nag-iiba-iba sa mga progresibong pwersa, mga panggitnang pwersa at mga pusakal na antikomunistang pwersa.

Alinsunod sa ganitong pamamaraan, itakda natin kung sinu-sino ang kabilang sa mga progresibong pwersa na dapat pangunahing paunlarin at asahan, at dapat magilbing gulugod na pwersa ng nagkakaisang prente; ang kabilang sa mga panggitnang pwersa na kailangang kabigin sa ating panig sa pamamagitan ng wastong pakikipagkaisa't pakikitunggali, at kilalanin kapwa ang kanilang dalawahang katangian at ang kanilang mapagpasyang papel sa pagbaling ng balanse ng pwersa sa panig ng rebolusyon; at ang mga pusakal na antikomunista (sekundaryong kaaway) na tinututukan natin ng dalawahang patakaran ng pakikipagkaisa kapek sila'y lumalaban sa pangunahing kaaway at ng pagbubukod kapag determinado nila sa kanilang mga antikomunistang atake at makaisperyalistang pusisyon. Sa paghawak

Ang pakikipagkaisa sa marami at pagbubukod sa iilan ay nangangahulugan ng pagpapakilos sa lahat ng positibong pwersang maaaring makaisa't makatulong sa magkakalibang antas ng pagkakaisa upang gapiin ang pangunahing kaaway o magtagumpay sa isang partikular na tunggalian.

sa kasalukuyang klasipikasyon ng mga pwersang pampulitika sa bansa, tiyakin natin ang wastong pagsusuri sa uri ng bawat isa at ang kaukulang mga patakaran alinsunod sa kasalukuyang pagkakahanay ng mga uri.

Kasarinlan at inisyatiba

Naninindigan tayo sa preserbasyon ng kasarinlan at inisyatiba ng bawat organisasyong sinasaklaw ng nagkakaisang prente. Ang magdiin lang sa pagkakaisa habang itinatanggi ang kasarinlan ay salungat sa diwa ng demokrasya sa loob ng nagkakaisang prente. Kung nais nating igalang ng iba ang ating kasarinlan, maging huwaran tayo sa pagtataguyod sa kanilang karapatan sa prinsipyong ito.

Ang pagkakaisa ng buo at ang kasarinlan ng bawat bahagi ng nagkakaisang prente ay hindi dapat pagbanggain na para bang ganap na magkasalungat. Ang una'y makakamit hindi sa pagtatakwil sa huli kundi sa pamamagitan ng paglulunsad ng malusog na tunggalian ng magkakaibang ideya at pagkakasundo na batay sa prinsipyo. Gayunman, ang kasarinlan sa nagkakaisang prente ay relatibo at hindi absoluto. Ang absolutong kasarinlan ay sumisira sa pangkalahatang patakaran ng pagkakaisa laban sa pangunahing kaaway. Kayat sang-ayon tayo sa makaprinasyong mga konsesyon na hindi lumalabag sa saligang interes ng sambayanan upang itaguyod ang pagkakaisa ng nagkakaisang prente at magkaroon ng kaisahan ng mga pananaw at sama-samang pagkilos laban sa mga reaksyonaryong kaaway.

Ang proletaryado ay para sa pagkakaisa ng nagkakaisang prente sa kondisyong ang sariling kasarinlan at inisyatiba nito ay mapananatili't mapalalakas. Sa pagpasok sa anumang nagkakaisang prente, kailanman ay di dapat iwaglit o ikokompromiso ang ating ultimong layunin at nagsasariling pusisyon. Sinusuri natin ang bawat pangyayari o usapin mula sa sariling pananaw, naghahapag ng sariling patakaran at kumikilos batay dito. Hindi dapat maging sagka ang pakikipagkaisang-prente sa pagpapalaganap ng sariling pananaw at patakaran. Ang karapatang punahin ang mga aliyado at ibukod ang mga pusakal ay hindi dapat bitawan. Higit sa lahat, kailangang patatagin at palawakin ang ating mga organisasyon at pagkaisahin sa layunin. Walang silbi sa proletaryado ang nagkakaisang prente kung sino'y magiging sagka sa inisyatiba nito sa pag-oorganisa at pakikibaka.

Ang kalikasan ng pakikibaka ng proletaryado para sa kasarinlan at inisyatiba nito ay pakikibaka para sa rebolusyonaryong pamumuno sa nagkakaisang prente. Ang usapin ng makauring pamumuno ang sentral na usapin sa nagkakaisang prente. Ito'y usapin ng sino ang dapat mamuno sa nagkakaisang prente: ang burgesya ba o ang proletaryado? Ang "Kaliwa" at Kanang mga kamalian ang dalawang anyo ng pagbitiw sa pamumuno sa nagkakaisang prente. Sa una, itinataboy natin papalayo ang iba; sa huli nama'y hinahayaan nating batakin tayo ng iba papalayo sa sarili nating mga pusisyon.

Bilang pinakaprogresibong uri sa lipunan, ang proletaryado ang tanging may kakayahang mamuno sa nagkakaisang prente tungong tagumpay. Gayunman, ang pagkilala ng ibang uri sa pamumunong ito ay di awtomatikong makakamit. Matatamo lang ito sa kaparsanan ng tunggalian at pagpapatunay sa praktika na ito nga ang karapat-dapat mamuno.

Mayroong ibang mga uri at saray na nakikipagtunggali sa proletaryado sa pamumuno. At ang tunggaliang ito ay napakakumplikado't walang humpay. Bawat isa'y nais pamunuan ang nagkakaisang prente batay sa sarili nilang pananaw. Pag-iba-ibahin natin ang katangian ng pakikipagtunggali sa bawat isa at tukuyin kung sino ang ating pangunahing katunggali sa makauring pamumuno sa nagkakaisang prente.

Sa pagkakamit ng pamumuno sa nagkakaisang prente, may apat na prinsipyong dapat tandaan at gamiting patubay:

1. Maghapag ng mga saligang isilogang pampulitika na umaayon sa takbo ng istorikal na pag-unlad, at mga isilogang pampakilos sa bawat yugto ng pag-unlad at bawat mahalagang pagpipit ng mga pangyayari upang maisalin ang mga isilogang pampulitika sa realidad.

2. Ang proletaryado, laluna ang taliba nito, ang Partido Komunista, ay dapat maging huwaran sa kasigasigan at katapatan sa ispesipikong mga layunin ng nagkakaisang prente.

3. Dapat magbuo ang Partido ng masyos na relasyon sa mga aliyado at paunlarin at konsolidahin ang pakikipag-alyansa sa kanila, samantalang di binibitiwan ang sariling nakatakdang mga layunin.

4. Dapat nating palawakin ang sariling hanay at panatilihin ang sariling pagkakaisa sa ideolohiya at bakal na disiplina.

Walang maniwala

Lumabas kamakailan ang resulta ng sosyo-pulitikal na sarbey ng BBC (Bishops-Businessmen's Conference for Human Development, isang organisasyon ng mga obispo at negosyante). Tuwang-tuwa ang rehimen at agad itong iwinasiwas bilang patunay daw na suportado pa rin ng bayan ang diktadura. Dismayado naman ang mga repormistang burges--pinatulan ang resulta at ang pinakaimik ay kahit paano'y ipinakita daw nitong hindi na kasindaminang dati ang tumatangkilik kay Marcos. Sinisi naman ng iba ang masa sa halip na batikusin ang pamamaraang ginamit ng sarbey. Ang Pilipino raw ay may pagkamaskista (nasisiyahang mahirapan) o kaya'y ibinibintang nila ang kanilang kahirapan sa tadhana at sa mga likas na kapahamakan at hindi sa rehimen.

Ang pangkalahatang reaksiyon naman ng karaniwang mamamayan ay simpleng di paniniwala. Agad nilang suspetsa'y malamang may nangyaring "milagro" sa pagsasarbey. Hindi nila maubos-maisip na ganito ang damdamin ng bayan sa rehimen sa kabila ng madudugong krimen nito at ginagawang pagpapahirap sa mamamayan.

Di kapani-paniwala

Paanong mapaniniwalaan ang sarbey gayong batbat ng kontradiksiyon ang mga sagot dito? Halimbawa, 44 porsyento raw ang nasisiyahan kay Marcos, samantalang 25 porsyento lang daw ang di nasisiyahan at 31 porsyento ang walang palagay. Gayunman, 65 porsyento ang sumagot na hindi dapat magkaroon si Marcos ng kapangyarihang magpakulong sa iba nang basta-basta. Dagdag pa, sang-ayon daw ang 42 porsyento na posibleng mawawalan ng pananalig ang mga Pilipino sa mapayapang paraan ng pagtataguyod sa demokrasya (39 porsyento ang walang palagay at 17 porsyento ang nagsabing imposibleng magkagayon).

Ipinalalabas din sa sarbey na ang mayorya ng mga taganayon ay sang-ayon na nakakatulong ang CHDF sa pagmamantina ng kapayapaan at kaayusan. Sang-ayon nga kaya dito ang mga taganayon gayong alam nilang ang karamihan ng mga CHDF ay masasamang elemento sa kani-kanilang baryo at pinagmumulan mismo ng gulo at pang-aabuso? Sa kanayunan naman daw ng Luzon, 52 porsyento ang nasisiyahan sa

gawain ng militar (18 porsyento ang di nasisiyahan). Sa kabila kaya ng panamaslang, pagdukot, pang-aaresto, pagnanakaw, pangingikil at pambubugbog ng militar sa masa, nasisiyahan pa sila sa mga ito? Sa Metro Manila naman daw, 35 porsyento ang tumataya na kandidato ng KBL ang mananalo sa pagka-mayor sa darating na eleksyon, samantalang 31 porsyento lang ang naniniwalang hindi ito mananalo. Sa kalagayang nalampaso ang mga kandidato ng KBL sa Metro Manila, sa kabila ng kanilang pandaraya, sa eleksyon para sa Batasang Pambansa nang nakaraang taon, makalalamang pa kaya ang nananalig sa panalo ng KBL dito sa darating na eleksyon?

Sa katunayan, marami ang tumugon na wala silang palagay (o ayaw sumagot) sa mga katanungan. Tignan natin ang sagot na "walang palagay" sa 32 tanong (hindi kabilang dito ang mga usapin na maaaring wala talagang masyadong alam o palagay ang mga tao sa kanayunan tulad ng pang-gigipit ng US sa rehimen, kalusugan ni Marcos, plantang nukleyar, at iba pa). Sa 19 na tanong, ang walang palagay ay 30 porsyento hanggang 50 porsyento, at sa 10 tanong, ang walang palagay ay 10 hanggang 29 porsyento. Ang karaniwang dami ng walang palagay sa pangkalahatan ay 29 porsyento.

Ang kaduda-dudang resulta ng sarbey ay maiuugat sa pagsasagawa nito. Unang-una, maski sa pamantayang burges ay hindi makakapasa ang ginawang pagsasarbey. Pangalawa, at ito ang esensyal, ang burges na sistema ng pagsasarbey ay mahirap maging obhetibo at tunay na di maaasahang paramaraan ng pagpulis sa pangkalahatang damdamin ng mamamayan laluna sa mga atrasadong bayang tulad ng Pilipinas.

Sa halip na malalim na lumubog sa malawak na masa at matiyagang makisalamuha sa kanila, nagkasya na lang ang BBC sa pag-upa ng mga propesyunal na "investigador" para paulanan at aruruhin ng tanong ang 2,000 tao at pagkatapos ay ideklarang ang sagot nila'y sumasalin sa saloobin ng humigit-kumulang 25 milyong Pilipino na nasa hustong gulang na magbigay ng palagay sa kalagayan ng bansa.

Susi ang malalim na paglubog at pakikisalamuha sa masa upang matamo ang kanilang pamilyaridad at pagtitiwala. Sa gayo'y mapalilitaw ang tunay na mga damdamin at ideya nila. Hindi matatamo ito sa isang teknikal o akademikong prosesong tanong-sagot.



Ang sarbey ng BBC ay isinagawa nitong Hunyo-Hulyo. Bukod sa 500 sa Metro Manila, pinasagot ang tig-500 sa iba pang bahagi ng Luzon, Bisayas at Mindanaw. Sa bawat rehiyon sa labas ng Metro Manila, 300 ang pinasagot sa kalunsuran at 200 sa kanayunan. Palabunutan ang pagpili sa mga probinsya, munisipalidad at baryo, at tinimbang ang bilang ng pinasagot ayon sa laki ng populasyon ng nabunot na 24 probinsya. Sa kanayunan, 10 ang pinasagot sa bawat nabunot na baryo, at sa kalunsuran, lima ang pinasagot sa bawat nabunot na presintong botohan. Sa pagsasagawa ng tabulasyon, kinuwenta ang resulta para umayon sa timbang ng populasyon batay sa sensus ng 1980.

Kapansin-pansin ang anomalya sa ginawang paghahati ng pinasagot sa bawat rehiyon sa labas ng Metro Manila--300 sa kalunsuran at 200 sa kanayunan. Sa unang malas pa lang ay malinaw na hindi ito umaayon sa aktwal na timbang ng populasyon sa mga rehiyong ito, na may mas mataas na populasyon sa kanayunan kaysa kalunsuran. Sa katunayan, ang populasyon sa kanayunan ay 69 porsyento sa Luzon (pwesta ang Metro Manila), 72 porsyento sa Bisayas, at 75 porsyento sa Mindanaw, ayon sa sensus ng 1980. Alinsunod dito, ang dapat na pinasagot sa kanayunan ay 345 sa Luzon, 360 sa Bisayas at 375 sa Mindanaw.

Gayong maliit na nga ang bilang ng pinasagot ng BBC sa kanayunan, pinakitid pa ito ng pagpapasagot ng 10 tao sa

bawat baryo. Samakatwid, ang palagay ng 600 na kumakatawan daw sa mga tagakanayunan sa buong kapuluan ay mula lang sa 60 baryong nakakalat sa 24 na probinsya na may saklaw na 650 munisipalidad at libu-libong baryo. (May 41,615 baranggay sa kanayunan at kalunsuran sa buong kapuluan.) Kayat kung tutuusin, ang nasarbey sa kanayunan ay halos tatlong baryo lang sa bawat probinsya o isa sa bawat 10 munisipalidad.

Sa gayon, sa usapin ng distribusyon ng mga pinasagot para sa sarbey, malinaw na hindi nito kinatawan ang sambayanan batay sa timbang ng populasyon sa kalunsuran at kanayunan at sa kakauntian ng nasaklaw na baryo sa buong kapauluan.

Kaparaanan

Gayunman, kahit matugunan ng ganitong sarbey ang hinihinging realistikong distribusyon ng mga pinasagot, hindi pa rin masasabing masasahan ang resulta nito.

Propesyunal ang mga nagsagawa ng sarbey at dati nang nagsasarbey hinggil sa mga produktong pangkonsumo. Pero ang sarbey ay di tulad ng simpleng pagtatatlong na, "Ano ang ginagamit ninyong sabon...?" Hindi ito simpleng "Pepsi challenge" lamang! Pampulitika ang katangian ng mga tanong at nakapaloob sa isang masalimuot na sitwasyon, sa isang kalagayang salasalabat ang panlipunang kontradiksyon at laging nakaamba ang kamay na bakal ng pasistang diktadura.

Maaari pang umubra ang ganitong sarbey sa mga abanteng industriyalisadong

bayang na may mabilis na komunikasyon, may relatibong kalayaan sa pamamahayag at may relatibong pagkakapareho sa panlipunang kalagayan. Ibig sabihin, hindi pa maigting ang mga panlipunang kontradiksyon at nagtatamasa ang mamamayan ng demokrasyang burges sa isang antas.

Pero mahirap maasahan ang ganitong mga sarbey sa mga atrasadong bayan tulad ng Pilipinas lalupa't pinaghaharian ng pasistang diktadura.

Bunga ng pag-igting ng panlipunang kontradiksyon sa bansang Pilipino, nagibayo ang panunupil ng rehimen sa mamamayan, sa kalunsuran man o sa kanayunan. Ang hayagang pagtuligsa sa rehimen ay sinasagot ng pagdukot, pang-aaresto, pambubugbog at pananakot. Kamakailan nga'y tumampok na biktima ng pamamaslang ng rehimen ang mga peryodista at broadcaster na bumabatikos sa rehimen at mga galamay nito.

Malinaw na marami ang atubiling magpahayag ng sarili nilang saloobin bunga ng pangambang baka magdulot ito ng kapahamakan, dahil hindi naman nila kilala o kapalagayang-loob ang mga nagtanong. Ano nga ba ang malay nila kung ispya ng rehimen ang nagsasarbey.

Isa pa, marami sa mga narating na baryo ng mga nagsarbey ay di malayo sa syudad o poblasyon, sa mga lugar na hawak ng reaksyonaryong militar. Sa katunayan, pinaputukan ng CHDF sa ilang baryo ang mga nagsarbey dahil hindi sila kilala. Sa ganitong mga lugar na namamayani ang klima ng terorismo, paanong maasahan ang resulta ng sarbey? Kung pinasaklaw pa sana ang sarbey hanggang sa mga liblib na baryo, masari pang nakunan ng palagay ang masang di epektibong nasasaklaw ng panunupil ng militar. Magagawa ito kahit ganoon din ang bilang ng pinasagot sa pamamagitan ng pagpapasagot lang ng tatlong tao, halimbawa, sa halip na 10 sa bawat baryo.

Panlipunang pagsisiyasat

Ang pagpapalitaw ng mga ideya't damdamin ng masa ay hindi isang teknikal o akademikong proseso ng tanong-sagot. Mapapalitaw ito sa kaparaanan ng matapat na talakayan. Ngunit para magbukas ang masa sa talakayan, mapagpasya ang usapin ng pamilyaridad at pagtitiwala. Kayat ang sual ay ang malalim na paglubog sa masa, pakikisalamuha sa kanila, at upang makuha ang kanilang tiwala, pagpapadama sa masa na tayo'y nagmamalasakit at tunay na nagsasapuso ng kanilang kapakanan.

Sa pakikipagtalakayan natin sa masa, pinag-uugnay-uugnay natin ang iba't ibang usapin (halimbawa, pampulitika, pang-ekonomiya, panlipunan at iba pa), tinitingnan mula sa iba't ibang panig at sinisisid ang mga ito para magkaroon ng kumprehensibong larawan ng kanilang kalagayan at saloobin.

Samantala, ang mga nagsagawa ng sarbey ng BBC ay basta na lang sumulpot sa mga bahay-bahay. Nakipagkuwentuhan sila sa mga naroroon sa bahay, kumwari'y nakikipagkaibigan para sagkapalagayang-loob, at pagkatapos ay hahegisan ng tanong sa sarbey. Para mapanatiling panatag ang usapan, libahin kaagad ang mga sensitibong paksa, pagkatapos ay babalik-balikan. Sa gayon, hiwa-hiwalay at mababaw ang nakukuhang larawan sa iba't ibang usapin.

Layon daw ng sarbey ng BBC na ipaalam sa madla ang palagay ng mga mamamayan hinggil sa rehimens ng Marcos, mga pampulitikang usapin, kabilang na ang hinggil sa mga oposisyonista, at iba pa.

Kailangan pa bang patunayan kay Marcos na diskontento ang masa sa kanyang diktadura? Kailangan bang malaman ng mga oposisyonistang burges kung sino ang pinakasikat sa kanila sa mata ng masa? Kung gaano pa kalaki ang trabahong dapat gawin para sumikat sila? Kung ang sarbey ay para lang sa ganitong pag-uusyo sa nagsisilbi sa interes ng repormistang burges, lumalabas na ginamit lang ng mga nagsarbey ang masa tungo sa layuning ito.

Layon daw ng sarbey ng BBC na ipaalam sa madla ang kolektibong palagay ng sambayanan. Para ano? Halimbawa ngang pabor kay Marcos ang nakararami sa pinasagot sa sarbey, dapat bang gumaya na lang ang iba para umayon ang palagay nila sa ganitong resulta? Halimbawa namang nakararami ang di pabor kay Marcos, aasahan na lang ba ng BBC na awtomatikong magbabago ng palagay ang mga pabor sa diktador?

Anuman ang palagay ng masa, ang usaping nakabungad kaugnay nito ay ang aktwal nilang kalagayan, ang pagmulat sa di mulat at ang pagpapakilos sa mga mulat na sa kalagayang ito. Kayat kaugnay ng pagsisiyasat sa kanilang kalagayan at problema sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa masa, kumikilos tayo para mapaunlad ang kanilang kalagayan, malutas ang mga problema at mapakilos sila para makasama natin sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan. @

TEKNIKAL: gawaing dapat sinupin ng lahat

May teknikal na aspeto ang bawat gawain sa lahat ng larangan ng pagkilos. Halimbawa, sa ideolohiya--ang pagpaparami ng mga libro't babasahin para sa mga pag-aaral. Sa pulitika--ang paglilimbag ng mga polyeto't pahayagan para sa propaganda. Sa organisasyon--ang pagsisino ng mga linya sa komunikasyon para sa mabilis at ligtas na ugnayan.

Ang gawaing teknikal ay parang mga turnilyo't tuwera na mahalaga sa maayos na pag-andar ng bawat pyesa ng isang makina. Kailangang masinop na asikasuhin ang gawaing ito para maayos na gumulong ang mahahalagang plano't tungkulin ng buong organisasyon.

Antas, anyo

Di mahirap kilalanin kung ano ang teknikal na gawain. Pero kailangan sa pagsisino ng gawaing ito ang pagkilala sa iba't ibang antas at anyo ng gawaing teknikal. Sa gayong paraan, magkakaroon tayo ng maasiklaw na pagtingin at maiukol ang tamang pag-aasikaso. Dahil may teknikal na aspeto ang lahat ng gawain, ang buong kasapihan ng Partido ay may bahagi sa pag-atupag ng mga ito.

Isang antas ay ang ispesyalisadong gawaing teknikal na pinaglalaanan natin ng hiwalay na makinarya. Ang pangunahing mga anyo nito ay pumapatungkol sa komunikasyon, paglilimbag at pamamahagi ng mga babasahin, at paghahanda't pangangalaga ng mga lugar-pulungan at himpilan. Maiugnay rin dito ang mga ispesyalisadong gawaing nangangailangan ng natatanging kasanayan na bagamat di maiikakategorya sa gawaing teknikal sa kabuuan ay may matingkad at mabigat na aspetong teknikal. Ang mga pangunahing halimbawa nito ay ang mga gawain sa pananaliksik, pagasalin, pinansya, at iba pang kahawig na ispesyalisadong gawain.

Ang mga gawaing ito ay nasa tuwirang saklaw ng responsibilidad ng mga samuno o nangangasiwang komite o organo. Dahil sa kaselanan, kahalagahan at kabitang ng mga gawaing ito, tayo'y naglalaan ng ispesyalisado't hiwalay na makina-

naryang may mga pultay na tauhan. Kung wala ang mga istap na ito, mahihirapang umarangkada ang trabaho ng kinaukulang mga komite o organo.

Maituturing ding hiwalay na antas ang pagsisino ng teknikal na aspeto ng gawain ng bawat kolektiba at kasapi ng Partido. Pangunahing pumapatungkol ito sa mga ditalye sa pagkilos. Ang mga ditalyeng ito, kapag nakaligtas, ay nagiging dahilan sa pagsulpot ng mga bara sa implementasyon ng mga gawain. Ang mga barang ito, kapag matagal o naipon na, ay nagiging dahilan ng di pagkakatuloy ng ilang bahagi o minsang kabuuang pagkilos o plano.

Ang mga kampanyang pampulitika o operasyong militar ay mahahalagang pagkilos na tambak ng teknikal na ditalye na kung mapapabaysan ay nagiging dahilan ng kabiguan sa ilang pagkakataon. Mas malaki, mas kumplikado at mas matagal rin ang kalakip na mga teknikal na gawain. Sa mas malalawak na saklaw ng pagkilos--panrehiyon o pambansa--higit na mas kumplikado ang teknikal na mga rekisitos.

Maihalimbawa rin ang pag-iiskedyul ng trabaho ng mga kolektiba at indibidwal. Binabadyet natin ang mga oras para maasikaso ang mas maraming tungkulin at matapos sa takdang panahon ang bawat isa. Ang paghahanda ng mga bahay-pulungan at konsultasyon ay karaniwang teknikal na usapin na nagiging mapagpasya sa mga pagkilos. Ang pagsisino ng sistema ng pangangalap ng mga datos para sa mga ulat, paglalaran, panlipunang pagsisiyasat at marami pang iba ay saklaw ng pagsisino ng teknikal na aspeto ng ating mga gawain. Ang paglilista para matiyak na di nakakalimutan ang maraming ditalyeng dapat asikasuhin o ang pagtitiyak na mahigpit ang komunikasyon sa pagitan ng magkakakolektiba ay tanda ng pagbibigay pansin sa aspetong ito.

Ang importansya ng teknikal na gawain, kapwa bilang pultay na trabaho o natatanging aspeto ng bawat pagkilos ay titingkad pa habang tumataas ang ating digmang bayan at bumabangis ang reaksyon ng kaaway. Halimbawa, tumitingkad ang

kahalagahan ng malapad at makapal na lambat para sa teknikal na gawain upang mabisa pa ring magampanan ang mga pangunahing gawain kahit sa panahong mahigpit na kinokontrol ng kaaway ang kilos ng masa o nanghahamlet ito sa bayan-bayan o walang tigil itong nagsosona sa mga komunidad sa mga kabayanan at kalunsuran.

Mga problema, hakbangin

Karaniwang reklamo ng kasapiang ang mabagal na komunikasyon, madalang at atrasado ang dating ng mga rebolusyonaryong dyaryo, o kapos na kapos ang mga Marxistang akda para sa mga pag-aaral. Maraming balak ang sumasabit dahil sa kakulangan sa paghahanda ng mga pulungan, sasakyan, poste, palimbagan, badyet at marami pang ibang teknikal na ditalye. Sa maraming kaso, naobligang gumamit ang mga kasama ng mga gasgas na bahay-pulungan o kaya'y gumastos nang malaki para dito. Madalas na diretsuhan na lang ang pagkontak ng mga kasama sa isa't isa dahil diumano'y ito ang mas madali't mas mabilis na paraan. Hindi na naisasaalang-alang ang mga peligrong pansecuridad sa ganitong sistema.



Ang mga ito'y matitingkad na palatandaan o resulta ng mga kahinaan sa pagbibigay ng kaukulang pansin sa pagbubuo at pagpapaunlad ng mga ispesyalisadong yunit sa gawaing teknikal.

Sa antas ng mga kolektiba at indibidwal, marami ring mapapansing kahinaan sa pagbibigay pansin sa teknikal na aspeto ng mga gawain. Masisilip ito sa kakulangan ng masinop na pagpaplanong at pag-iiskedyul sa mga araw-araw na pagkilos

at pagtiyak na natututupad ang mga ito sa loob ng takdang panahon. Madalas na ginagahol sa oras ang mga kasama o di napag-iigi ang mga pagkilos hindi lang dahil sa dami ng gawain kundi sa kakulangan ng masinop na sistema ng pagsasagawa ng mga ito. Ang mismong maagap na pagpapaabiso ng adyenda o pagpaparami ng kopya ng mga dokumentong tatalakayin ay nagiging madalas na problema. Sa hanay ng ilang namumunong kadre, may tendencyang maliitin ang kahalagahan ng mga teknikal na ditalye.

Sa pangkalahatan, ang problema sa antas ng mga kolektiba at indibidwal ay resulta ng pagmamaliit sa aspetong teknikal ng mga plano't pang-araw-araw na pagkilos na tumatagos rin hanggang sa antas ng pagbibigay ng kaukulang pansin sa pagbubuo't pagpapaunlad ng mga ispesyalisadong yunit teknikal.

Ang buong kasapiang ng Partido at malawak na baseng masa nito ang malalim na balon ng pwersang tumutugon sa samu't saring pangangailangang teknikal. Kung mapag-uukulan lang ng tamang pansin at panahon ang pagbubuo ng mga ispesyalisadong yunit para sa gawaing teknikal, hindi magiging malaking suliranin ang pagtugon sa mga saligang pangangailangang teknikal ng organisasyon. Baguhin natin ang anumang makitid na pananaw at pamamaraan ng paglutas sa mga problemang teknikal ng Partido na masasalamatin sa tunguhing nagkakasya lang sa mga pangkagyat at panandalian, at sa mga nakagawang pagkilos noong maliit pa ang mga pangangailangang teknikal ng organisasyon. Kung mananatili ang ganitong mga kahinaan, kahit malalim ang balon ng pwersa ay di talaga mapapakinabangan ito para sa pagbubuo ng isang masaklaw na makinaryang teknikal at sa pagtugon sa teknikal na mga pangangailangan ng ating mga gawain.

Iwaksi natin ang anumang pagmamaliit sa gawaing teknikal o sa mga teknikal na aspeto ng ating mga pang-araw-araw na gawain. Sa kalagayang sumasaklaw at bumibigat ang mga pangunahing tungkulin ng Partido, hindi na uubrang umandar nang masinop ang buong organisasyon nito nang walang ispesyalisasyon sa iba't ibang linya ng pagkilos at kasama dito ang ispesyalisasyon sa gawaing teknikal. Sa kalagayang dumarami't sumasalimuot ang mga gawain ng bawat kolektiba at indibidwal na kasapi ng Partido, mapagpasya ang masinop na sistema para magampanan nang mahusay ang lahat ng ito. At sa sistemang ito, susing usapin ang pagbibigay pansin sa mga teknikal na ditalye.

Para sa maayos na pag-andar ng mga ispesyalisadong yunit teknikal, mahalaga ang malinaw na direksyon ng pagkilos, pagsapoi sa kabuuang kalagayan ng gamain, mahigpit na kolektibong pamumuhay at pagtiyak na di nahihwalay sa kabuuang agos ng pakikibaka at sitwasyong pampulitika. Susi rito ang mahigpit na paggabay ng kinaukulang namumunong organo, malinaw na oryentasyon sa pagkilos, at tuluy-tuloy na konsolidasyon. Kadalasan, ang kakulangan ng mahigpit na patnubay ng namumunong organo ay kalakip ng problema ng konsolidasyon ng mga yunit na ito. Dapat lamang tukuyin ang ilang kahinaan ng gumagabay na mga kadre na nagkakasya na lang sa pagsubaybay kung nagagampanan ba o hindi ng mga teknikal na yunit ang mga iniaatas sa kanila, samantalang maluwag naman ang pagbibigay sa kanila ng pang-ideolohiya

at pampulitikang patnubay. Minsa'y parang pinababayaan na lang ang mga teknikal na yunit na sustenahin ang sarili sa pamamagitan ng sariling kamulatan.

Ngayong ilampung libo na tayong nag-hahati-hati sa trabaho, malalim at malapad na ang balon ng rebolusyonaryong pwersa, nagsasanga-sanga na ang mga pangunahing gawain sa malalawak na teritoryo't sektor, ang panawagan sa atin ng kalagayan ay puspasang pagpapahalaga sa lahat ng larangan at aspeto ng gawain. Alinsunod sa kasalukuyang diin ng komprehensibong pagpapaunlad, koordinasyon ng pagkilos at pagpapakadalubhasa sa lahat ng linya ng gawain, tumatampok ang natatanging kahalagahan ng gawaing teknikal upang masinop na umandar ang buong makinarya at magampanan ang mga tungkuling ito.

BHB, aktibo sa Laguna, Ilocos Norte at Cebu

Sumulong nitong nagdaang ilang buwan ang armadong pakikibaka sa mga pook na di pa sumisigla sa nakaraan, mga lugar ding may natatanging kabuluhan sa rehimen. Sunod-sunod na taktikal na opensiba at mga operasyong partisano ang isinagawa ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Laguna, mga kalapit na bayan ng Quezon, sa Ilocos Norte at Cebu City.

Sa Laguna, isa sa mga prubinsya sa timog na hangganan ng Maynila-Rizal, nireyd ng mga Pulang mandirigma ang munisipyo ng Nagcarlan noong Hulyo 14. Napasok nila ang munisipyo nang hindi nagpapaputok, at nasamsam ang isang M14, dalawang M16, at dalawang maikling baril.

Makaraan ang isang linggo, noong Hulyo 22, magkakasabay na reyd ang ginawa ng BHB sa ditatsment ng 228th PC Company at mga bahay ng mga tauhan ng CHDF sa Kalayaan, isa pang bayan sa Laguna. Nakumpiska ang tatlong M16, anim na Garand, isang karbin, isang rifle-propelled grenade, mga bala, at radyo.

Mauna rito, noong Hunyo 26, nireyd ng mga gerilya ang ditatsment ng 231st PC Company sa Padre Burgos, Quezon, at kinumpiska ang dalawang M16, apat na Garand, isang Springfield, at mahigit 600 bala. Sa Sariaya naman sa prubinsya ring iyon, isang 20-kataong yunit ng PC ang naengkwentro ng isang yunit ng BHB noong Agosto 7. Unang nakapagpaputok ang mga Pulang mandirigma at sa panimulang bugso ay bumulagta agad ang tatlong pasista. Nagtakbuhan pauwi sa kampo ang mga tropang kaaway at nakumpiska ng BHB ang tatlong M16.

Sa kabuuan, 74 na malalakas na riple ang nesamsam ng BHB sa Timog Katagalugan sa loob ng unang walong buwan ng 1985, lagpas sa bilang ng nakumpiska noong buong taon ng 1984. Kabilang dito ang apat na riple at dalawang pistolang nakumpiska sa dalawang despotikong panginoong maylupang pinarusahan ng BHB sa Quezon at sa Batangas.

Tampok din sa mga pangyayari sa Timog Katagalugan ang pagpaparusa ng BHB noong Hunyo 22 sa isang upisyal ng National Intelligence and Security Agency, si Nerio Ramos, na tumatayo ring meyor ng Lopez, Quezon.

Doon naman sa Ilocos Norte, baseng prubinsya ng diktador na si Marcos, apat na magkasabay na reyd ang isinagawa ng BHB sa dalawang planta ng elektrisidad sa mga bayan ng Solsona at Pagudpod. Nasamsam ang anim na baril, kabilang ang dalawang M16, napatay ang tatlong pulis at nasugatan ang dalawa pa. Bago nito, doon din sa Pagudpod, napatay sa ambus ng BHB sa isang dyip ng 50th IB (PA) si Kap. Yanos at dalawa niyang tauhan.

Sa bayan naman ng Adams, dalawang M16 ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma nang ambusin nila ang isang patruyang kaaway noong Mayo 17. Nabihag ang isang sarhento na agad ding pinalaya matapos gamutin at pagpaliwanagan ng mga gerilya.

Noong Mayo 23 naman, nakaengkwentro ng isang yunit ng BHB ang isang platon ng 50th IB sa bayan ng Vinter. Bagamat di inaasahan ang sagupaan, nakalamang ang BHB. Nakapatay ito ng dalawa at

nakasugat ng ania sa kaaway at nakasam-sam pa ng dalawang M16, bago ligtas na umatras.

Sa Cebu City naman, syudad na may pangatlong pinakamalaking populasyon sa buong kapuluan at sentro ng komersyo sa Kabisayaan, ay aktibo na ang mga yunit

partisano ng BHB. Inilulat ng Pulang Bandila, upisyal na pahayagan ng BHB, na 10 armas ang nakumpiska at 19 na kaaway ang naparusahan sa 14 na operasyong inilunsad ng mga partisano. Kabilang sa mga pinarusahan ang pitong tauhan ng Cebu Metropolitan District Command (Metrodiscom).

96 bilanggong pulitikal, pinalaya ng kampanya

Matagumpay na nailunsad sa pambansang saklaw ang isang kampanya sa pagpapalaya ng mga detinido nitong Hunyo at Hulyo, at bunga nito'y napalaya ang 96 na bilanggong pulitikal sa iba't ibang detention centers o bilangguang pulitikal sa bansa. Sa takbo ng kampanya, naipilit din sa pasistang militar na ipagkaloob ang mga kahilingan sa mga karapatan at pagpapahusay sa kalagayan ng mga bilanggong pulitikal sa ilang rehiyon.

Ang nanguna ay ang Friends of Political Prisoners (FPP) na kinabibilangan ng Task Force Detainees (TFD), Kapisanan para sa Pagpapalaya at Amnestiya ng mga Detinido sa Pilipinas (KAPATID), at Movement for the Abolition of the Preventive Detention Action (MAPDA). Sinimulan ang kampanya sa pagdaraos ng isang simposyum noong Hunyo 26, na sinundan ng isang serye ng mga simposyum at porm at fact-finding missions sa ilang rehiyon. Kabilang sa iba pang aktibidad ang inagurasyon ng isang rehabilitation center para sa mga anak ng mga bilanggong pulitikal, paligsahan sa paglikha ng awit, paglulunsad ng Pintig-II, isang koleksiyon ng mga tulang nilikha ng mga bilanggong pulitikal, at iba pa.

Ang rurok ng kampanya ay umabot noong Hulyo 21 sa paglulunsad ng sabay-sabay na pag-aayuno ng 332 bilanggong pulitikal sa 27 bilangguang pulitikal sa Metro Manila at iba pang rehiyon, at 37 iba pang bilanggo sa pambansang piitan sa Muntinlupa (Metro Manila) at Cagayan de Oro City. Nagdaos din ng katulad na pag-aayuno at iba pang aksyong masa ang mga tagasuporta ng mga bilanggong pulitikal dito at sa ibayong-dagat. Ang araw na iyon ay anibersaryo ng dekretong lumikha sa PDA kapalit ng Presidential Commitment Order (PCO).

Sa ilang bilangguang pulitikal, mas maaga nang ilang araw sinimulan ng mga bilanggo ang pag-aayuno, at itinuloy pa nang ilang dagdag na araw para ipursigi ang ispesipikong mga kahilingan. Sa Davao City, ang pag-aayuno ay sinimulan ng 90 bilanggong pulitikal noong Hulyo 19, at nagbanta silang ituluy-tuloy ito

sa walang takdang panahon nang ang isang nag-aayunong detinido ay pwersahang kinuha at binugbog ng mga sundalo ng Metrodiscom noong araw na iyon. Bunga ng mga pagkilos, ibinalik ng militar ang binugbog, pinalaya ang 17 detinido, at napilitang ipagkaloob ang mga kahilingan para sa kapakanan ng mga detinido. Sa Camp Bagong Ibalon sa Legaspi City, sinimulan ng walang bilanggong pulitikal ang pag-aayuno noong Hulyo 18, na paglao'y humantong sa isang hunger strike. Tinapos nila ang kanilang aksyong masa noong Hulyo 27, matapos palayain ang apat na detinido at ipangako ng pasistang militar doon ang pagpapahusay sa kanilang kalagayan.

Sa Metro Manila, 300 mamamayan, na karamiha'y kamag-anak at tagasuporta ng mga detinido ang nagdaos ng isang buong araw na simpatyang pag-aayuno sa bakuran ng simbahang Sto. Domingo sa Quezon City noong Hulyo 21. Kinabukasan, 50 kinatawan ng FPP at iba pang organisasyon ang nagmartsa mula City Hall ng Maynila tungo sa Korte Suprema at doo'y nagrali. Ipinanawagan nila ang pagtatanggal sa PDA at ang kagyat na pagpapalaya sa mga detinidong dinesisyonang nang palayain ng mga hukuman. Noon namang Hulyo 23, nagrali ang 3,500 sa pangunguna ng FPP at Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) sa Plaza Miranda, at pagkatapos, sa lagusan ng Malakanyang sa Mendiola at doo'y ibinulalas ang karaingan ng mamamayan.

Iba't iba pang aksyong masa--simpatyang pag-aayuno, paglalamay, rali, simposyum at protestang misa--ang idinaos noong Hulyo 21 at naunang mga araw. Ang mga ito'y naisagawa sa mga syudad ng Baguio, Lucena, Legaspi, Bacolod, Cebu, Davao, Ozamis, Cagayan de Oro, Iligan, at Pagadian; sa Subic, Zambales; Imus, Cavite; Los Banos, Laguna; Lemery, Batangas; Daet, Camarines Norte; Sorsogon, Sorsogon; Digos, Davao del Sur; Tandag, Surigao del Sur; at Bayugan, Agusan del Sur.

Naglunsad din ng aksyong masa ang mga migranteng Pilipino at kalbigang dayuhan

sa iba't ibang bayan sa ibayong-dagat. Sa Australia, nagpiket sa embahada ng Pilipinas ang Philippine Action Support Group. Noong Hulyo 21, nagdaos ng simpatyang pag-aayuno sa Los Angeles, USA, at sa 14 na iba't ibang lugar sa West Germany. Ang iba pang porma ng suporta mula sa ibayong-dagat ay kinabibilangan ng mga mensahe ng pakikilala, mga petisyon para sa pagpapalaya ng bilanggong pulitikal, at mga panawagan para sa pakikibaka ng mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas.

Napalaya ng kampanya ang 96 na mga bilanggong pulitikal sa sumusunod na mga

lugar: Cagayan Valley (37), Gitnang Luzon (22), Bikol (4), Timog Katagalugan (6), Metro Manila (7), Cebu (3), at Davao City (17).

Ang kampanya, na kinatampukan ng unang pambansang koordinadong pag-aayuno sa bilangguan na may malawak na suporta rito at sa ibayong-dagat, ay nagpapakita ng pag-aangat ng pakikibaka ng mga bilanggong pulitikal sa isang bagong antas. Pinatibay rin nito ang kakayahan ng kalahok na mga organisasyon sa paghahayag ng isyu ng mga bilanggong pulitikal sa mas malawak na saklaw at may mas malakas na epekto.

BALITA

Kalinga-Apayao

Nakakumpiska ang Bagong Hukbong Bayan ng 39 na iba't ibang armas sa dalawang operasyon sa Kalinga-Apayao noong Mayo.


Ang una ay ang magkasabay na reyd sa munisipyo ng Cabugao at sa isang ditatsment ng 48th IB (PA) noong Mayo 24. Napatay dito ang 14 na pasista, kabilang si Tin. Aniceto Madarang, na pawang kilabot sa pangsasalbeyds sa masang minorya sa lugar. Nakasamsam ang BHB ng 27 armas, kabilang ang 10 M16 at dalawang M14. Winasak ng mga gerilya ang gusali ng ditatsment.

Sa bayan naman ng Conner, nalipol ng BHB ang isang 19-kataong yunit ng 48th IB sa isang ambus noong Mayo 30. Nasamsam ang 12 armas, kabilang ang 10 M16, isang M14, at isang kalibre-.38 rebolber, dalawang radyo at maraming bala. Limang araw matapos ang ambus, nasagupa ng yunit ding ito ng BHB ang isa pang yunit ng 48th IB sa ibang baryo ng Conner. Napatay sa engkwentrang ito ang apat na kaaway at nakakumpiska pa ng isang M16. Gumamit ng dalawang helikopter ang kaaway sa pagtugis sa mga gerilya na ligtas namang nakaatras.

Bicol

Sa tatlong magkakahiwalay na labanan ng Bagong Hukbong Bayan sa Kabikulan noong Hunyo at Hulyo, nakumpiska nito ang 11 M16, isang M1 at tatlong rebolber. Mahigit 30 ang kasawti sa panig ng kaaway.

Sa unang labanan, sa simula'y nasa dependensibo ang mga Pulang mandirigma. Nangyari ito sa Libon, Albay, noong Hunyo 25. Sa paggamit ng tumpak na mga taktikang gerilya, nailagay ng BHB sa dependensibong pusisyon ang mga kumukubkob



na pinagsanib na pwersa ng PC at Marines.

Unang tinangkang kukubin ng isang platoon ng PC ang mga mandirigma ng bayan. Ngunit agad nakapagmanobra ang mga mandirigma at binira ang nasorpresang kaaway. Halos nalipol ang platoon ng PC. Sa pagsaklolo ng isa pang platoon ng Marines, nagtangkang magbaba ng dagdag na pwersa ang helikopter ng kaaway ngunit mabilis itong tumalilis nang tamaan ang masingganer sa loob ng helikopter.

Nasa opensiba naman ang isang kumpanya ng BHB nang ireyd nila ang munisipyo ng Manito, Albay, noong Hulyo 22. Nasamsam ng mga sundalo ng bayan ang tatlong M16, isang Karbin at dalawang rebolber at iba pang kagamitan.

Noon namang Hulyo 26, isa pang yunit ng BHB ang nagreyd sa munisipyo ng Jose Panganiban sa Camarines Norte. Walong M16, at isang pistola ang neto ng BHB. Patay sa reyd ang tatlong pulis kabilang ang isang medyor.

Pulang Bandila

Masmidya

Sa kauna-unahang pagkakataon sa ilalim ng pasistang diktadura, maramihang nagralli ang mga myembro't manggagawa ng masmidya sa iba't ibang dako ng bayan, para batikusin ang panunupil sa kanila ng rehimen. Pinamunuan ito ng National Press Club of the Philippines, kaugnay ng pagdiriwang ng Linggo ng Kalayaan sa Pamamahayag-noong Agosto 26-31.

Binatikos sa iba't ibang porma ng pagkilos ng mga manunulat, broadcaster, empleyado at iba pang kabilang sa masmi-

dya ang paglapastangan ng rehimen sa kalayaan sa pamamahayag; ang pagpatay at pagsasalbeyds, panggigipit at pananakot sa mga publikasyon; at ang monopolisasyon sa pagmamay-ari ng malalaking daluyan ng midya gaya ng peryodiko, radyo at telebisyon.

Tampok sa mga inilunsad na pagkilos ang pirmahan sa dugo ng mga peryodista at broadcaster sa isang pahayag na tumutuligsa sa pagpatay at pagsalbeyds sa mga mamamahayag, at ang pagsunog sa effigy ni Gregorio Cendana, minister sa impormasyon ng diktadura.

Inilunsad ang kanilang mga militanteng pagkilos sa mga syudad ng Maynila, Baguio, Lucena, Tacloban, Cebu at Zamboanga.

Australia

Ipinahayag ng gobyerno ng Australia, sa pamamagitan ng minister sa usaping panlabas nito na si Bill Hayden, ang desisyong bawasan nang malaki ang mga tulong proyekto sa rehimen Marcos at pauwiin ang mga Australyanong nangangasiwa sa mga proyekto, partikular sa Northern Samar Integrated Rural Development Program (NSIRD) na pinakamalaking proyekto ng Australia sa ibayong-dagat.

Ang desisyon ay resulta ng pakikipag-usap ng Bagong Hukbong Bayan sa Samar sa mga nangangasiwa sa proyekto. Ipinaliwanag ng mga mandirigma na ang proyektong tulad ng NSIRD, na nag-aanyong tulong sa pagtatayo ng mga tulay, kalsada at iba pang imprastruktura, ay hindi makatutulong sa ngayon sa masang Pilipino. Bagkus ito'y magsisilbi sa mga anti-mamamayang pagkilos ng pasistang tropa ng kaaway.

Noong nagsisimula pa lamang ang NSIRD, nagkaroon na ng matinding pagtutol dito ang mga mamamayan ng Samar at naglunsad sila ng mga kilos protesta laban dito. Hindi ito gaanong pinansin ng gobyerno ng Australia. Subalit nang umigting na ang labanan sa pagitan ng

mga BHB at ng pasistang tropa sa lugar, nakita ng mga Australyano ang panganib sa kanila ng labanan. Ito ang ibinigay na dahilan ni Hayden sa pagbabawas ng tulong at pagpapauwi ng mga Australyano.

Naglabas ng pahayag ang National Democratic Front na malugod na tumatanggap sa desisyon na iyon ng gobyerno ng Australia at nananawagan din sa iba pang pamahalaan na itigil ang anumang mga proyekto at tulong sa rehimen Marcos. Sinabi ng NDF na ang mga tulong na iyon ay gagamitin lamang ng rehimen upang higit pang apihin at sugpuin ang mamamayang Pilipino.

Paglilitis

Tinanggihan ng Tanodbayan, ang kunwa'y tagausig sa kasong Aquino-Galman sa Sandiganbayan, ang iniaalok na ebidensya ng US State Department dahil teismis lamang daw ito at di pabor sa kanilang "pag-uusig" sa nasasakdal na mga alipuris ni Marcos. Kaugnay ito ng ibinunyag ng US na tangkang pagharang ng mga jet ng Philippine Air Force sa eroplano ng sinasakyan ni Benigno Aquino noong Agosto 21, 1983.


Bunga nito, inilabas ng US sa midya ang sinumpaang mga salaysay ng mga tauhan ng US Air Force na nagpapatunay sa insidente. Ang paggigiit na ito ng US ay maluugnay sa mga pagtatangka nitong gamiting pagkakataon ang paglilitis para pigilan ang pagbabalik kay Hen. Fabian Ver bilang hepe ng AFP at mapanatili ang pansamantalang kahaliling si Tin. Hen. Fidel Ramos na kanilang pinapaboren.

Ang disisyong ito ng Tanodbayan ay kasinggarapal ng pinakahuling disisyong ng Korte Suprema na nagbabawal na gamiting ebidensya sa Sandiganbayan ang mga testimonya sa lupon Agueva nina Ver at iba pang nasasakdal, na ikinabisto ng kanilang mga pagsisinungaling. Lahat ng ito'y patungo sa matagal nang bistadong pakanang pawalang-sala ang mga alipuris ni Marcos sa asasinasyon.

INTERNASYONAL

Bolivia

Nagdeklara ng 48-oras na pangkalahatang welga mula Agosto 30 ang mga manggagawa sa Bolivia, bilang pagtutol sa mga pang-ekonomyang hakbanging isinasagawa ng gobyerno ng bayang iyon sa Amerikang Latina, sa ilalim ni Presidente Victor Paz Estensoro.



Sa pangunguna ng Workers Confederation of Bolivia, libu-libong manggagawa

sa mga industriyang pagmimina, transportasyon, at pagmamamapangkat, at mula sa mga tindahan at iba pang establisimiyento, ang nagwelga at humugos sa mga lansangan upang magmartsa't magrati. Naparalisa ang buhay pang-ekonomya ng bayan.

Tinututulan ng mga manggagawa ang mga hakbangang isinasagawa ng gubyrerno ni Estensoro na nagdudulot ng matinding kahirapan sa mamamayan. Kabilang sa mga hakbangang ito ang 95 porsyentong debalwasyon ng kanilang piso, sampung ulit na pagtataas sa presyo ng gasolina, pagpigil sa pagtaas ng sahod ng mga manggagawa hanggang Disyembre at ang pag-aalis ng subsidyo para sa mga produktong pagkain at petrolyo.

Nicaragua

Sa pinakahuling desisyon ng Kongreso ng US, muling nilalargahan ang imperyalistang pananalakay sa Nicaragua sa pamamagitan ng panibagong upisyal na ayuda sa mga "Contra," ang mga mersearyong teroristang hayag at lihim na tinutustusan ng administrasyong Reagan at iba pang dayuhang reaksyonaryong pwersa para ibagsak ang gubyrernong Sandinista roon.

Ang upisyal na ayudang ito ay tinataakang "makataong tulong" na di raw pangmilitar. Ngunit sa pamamagitan ng tulong na ito na nagkakahalagang \$27 milyon, ang iba pang pondo ng mga "Contra" ay maibubuhos na sa mga pangangailangang militar. Kayat tusong iniikutan ng desisyong ito ang naunang pasya ng Kongreso ng US noong Oktubre noong 1985 na itigil ang suportang militar sa mga "Contra" na ibinunga ng popular na pagtutol ng mamamayan ng US at iba pang bayan.

SULAT

Hinggil sa Ekonomya

Nais ko sanang ibahagi ang ilang obserbasyon hinggil sa "Dapa Pa Rin Ang Ekonomya" (AB, Agosto 1985):

1. Wastong natukoy sa artikulo na ang ulat ni Marcos sa ekonomya ay batbat ng malulubhang kakulangan at kasinungalingan at maging ng tahasang pag-iimbento. Walang dudang dapa pa rin ang ekonomya, at wala pa ring nabebanaag na pag-ahon. Kahit mismo si Punong Minister Cesar Virata, na inilagay ng WB-IMF sa pwesto at masigasig na bataan ni Marcos, ay napilitang kilalanin sa isang porum na sa taong 1989 pa (o 1988 ba?) lamang makakabawi ang ekonomya sa antas nito bago ng assassinasyon kay Aquino.

2. Gayunman, di sapat na nailinaw ng artikulo ang isang napakahalagang punto: na isang dahilan ng nangyayari ngayon sa ekonomya ay ang di-maliwasang resulta ng pakanang istabilisasyon ng IMF, na sa esensya'y walang pagkakaiba sa napakagandang payo ng isang kilalang peryodista ni Marcos sa kung paano maibababa ang presyo ng bigas -- mas kaunting kanin ang kainin! Dapat tulig-sain si Marcos sa pagsunod, pagpapatupad at ngayo'y garapalang pagtatangka na pabanguhin ang umaalingasaw na pakanang pang-ekonomyang ito.

3. Ang pagpwersa sa mga mamamayang kumain ng mas kaunting kanin upang mapababa ang presyo ng bigas ang pinakaesensya ng pakanang istabilisasyon na ipinataw ng IMF. May tatlong susing elemento ang pakanang ito: 1) pigilin ang pagdami ng suplay ng pera; 2) bawasan ang gastusin ng pamahalaan; 3) hayaang lumutang sa malayang pagpilihan ang tantos ng palitan ng piso-dolyar. Ang layunin nito'y mahadlangan ang isang humahagibis na implasyon at pahupain ang presyur sa BOP.

Dahil mas kaunti ang perang pwedeng mautang, pag-aagawan ito ng mga empresang pangnegosyo, kayat tataas ang tantos ng interes sa pautang. Katambal ng mas mataas na tantos ng palitan, lubhang tataas ang gastos sa produksyon. At dahil mahina ang lokal na pagpilihan, mapipilitan ang mga empresang pangnegosyo na rendahan ang operasyon, sa pamamagitan ng pagbabawas ng produksyon o kaya'y sa ganap na paghihinto nito.

Sa mas kaunting produksyon, na magresulta rin sa pagkakatubos ng gastusin ng pamahalaan, mababawasan ang pag-iimport, dahil ang ekonomiya'y nakasandig nang malaki sa pag-iimport. At sa mas kaunting import, mas liliit ang presyur sa balanse ng bayaran, na magpapahintulot na magamit ang mas maraming perang dayuhan para serbisyuhan ang mga obligasyong utang ng bansa. Dagdag pa, sa mas kaunting produksyon, liliit ang pangangailangan kapwa sa kalakal na pamproduksyon at pangkonsumo. At kung mas maliit ang pangangailangan sa mga ito, bababa ang tantos ng implasyon, kung walang pagbabago sa ibang salik.

Tunay ngang ito'y mahusay na pakana para pigilin ang implasyon at bawasan ang presyur sa BOP. Ngunit labis na napakataas ng kabayaran nito. Ang tiyak na resulta nito'y isang mababang antas ng produksyon at kung gayo'y isang mataas na antas ng disempleyo. At ang bigat ay papasanin ng pinakadehadong mga grupo sa lipunang Pilipino.

4. Humigit kumulang, ito ang nagaganap mula nang ipatupad ang pakanang istabilisasyon ng IMF. Kaya, kung ang pagtaas ng presyo ay banayad na bumababa, hindi ito dapat tingnan bilang pag-unlad, bagamat kwalipikado (paragrap 4 ng artikulo). Walang ibang ibubunga ito. Sa pagsunod sa pakana ng IMF, pinupwersa ni Marcos ang mga mamamayan na lumikha ng mas kaunti at kumain ng mas kaunti.

5. Tunay na iskandaloso ang mga datos ni Marcos sa disempleyo. At nagawa pa niyang maglabas ng isang napakababang tantos sa disempleyo (5.8%) hindi lamang dahil itinuring niyang may empleyo na ang sinumang nakapagtrabaho sa loob ng tatlong buwan kundi naging sa pagturing na may empleyo ang lahat ng nakatashok sa mga pandagdag-na-kitang aktibidad pambahay tulad ng paghahalaman sa bakuran, pag-salaga ng baboy at manok, et iba pa (tingnan ang anumang Labor Yearbook, 1977-pataas). Natural, kapag may hindi nakahanap ng trabaho, laluna sa mga panahong ito, anumang aktibidad na pagkakakitaan ay papasukin niya gaano man ito maliit, para mabuhay. Kaya, kung ibabatay sa kaikulasyon ng rehimen sa disempleyo, tanging ang tunay na tamad lamang ang hindi maisasama sa walang hanapbuhay.

Dodong

* * *